

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Una, nais kong magpasalamat sa inyong pasensya. Naiintindihan namin na ang sitwasyong ito ay direktangnakaapekto sa inyo at sa inyong kakayahang magplano.

Sa susunod na Huwebes ay ang unang araw ng pasukan at kailangan niyong malaman kung ano ang maaari naming ibahagi sa oras na ito. Mangyaring maunawaan na sa sandaling ipaalam sa akin ang potensyal na kalubhaan, gusto kong malaman niyo kung ano ang nalaman ko at nagpadala ako ng liham noong Agosto 3. Napakahalaga na magkaroon kayo ng maraming impormasyon hangga't maari naming ihatid.

Kahit na patuloy kaming sumusulong sa pagpapanatili ng higit pa at pagkuha ng mga bagong drayber ng bus, ang sitwasyon ay hindi mabilis na bumuti. Mangangailangan ito ng mga pagsasaayos sa serbisyo ng transportasyon sa buong distrito. Mangyayari iyon kasabay ng patuloy na pangangalap ng mga kawani at pagsisikap na maibalik ang antas ng serbisyo na inaasahan ng ating mga pamilya sa kanilang sistema ng paaralan.

Ang ating Distrito ay nahaharap sa matinding kakulangan ng mga drayber ng bus. Ang pangangalap at pagpapanatili ng mga tauhan ay isang pambansa at lumalaking problema sa mga distrito ng paaralan. Ang ASD ay malikhaing nag-iisip upang makahanap ng mga panandalian at panggitnang solusyon. Ang Distrito ay nagpatupad ng mga agresibong estrahiya sa pangangalap, at nagsisimula nang magbunga ng magandang resulta. Gayunpaman, sa pagsisimula ng pasukan sa paaralan sa susunod na linggo, kailangan nating magplano para sa katotohanan ng ngayon.

Sa oras na ito, hindi makakapagbigay ang Distrito ng full-time bussing para sa lahat ng mga karapat-dapat na mga estudyante. Ang pinakapantay na solusyon ay ang pagpapatupad ng Rotating Bus Route Plan. Maaapektuhan nito ang lahat ng mga estudyante sa pangkalahatang edukasyon na karapat-dapat para sa mga serbisyo sa transportasyon. Kabilang dito ang ating mga paaralan sa JBER- ang komunidad na ito ang ating pinakamataas na priyoridad na makabalik sa buong serbisyo sa lalong madaling panahon, dahil sa mga kaguluhan at hamon na kasalukuyang kinakaharap nila sa Ursu Major Relocation Project. Ang transportasyon ng Special Education ay hindi maaapektuhan sa oras na ito.

Ang lahat ng mga ruta ng pangkalahatang edukasyon ay hahatiin sa tatlong mga cohort at bibigyan ng bussing sa isang nakaplanong pag-ikot. Ang bawat pangkat ng estudyante ay makakatanggap ng tatlong magkakasunod na linggo ng transportasyon. Nangangahulugan ito na magkakaroon ng anim na linggo sa pagitan ng serbisyo ng bus para sa bawat pangkat ng mga ruta. Bilang karagdagan, ang mga ruta ay pinaikli para sa kahusayan, samatuwid ang mga estudyante ay maglalakad ng mas malayo sa mga hintuan ng bus kaysa sa mga nakaraang taon.

Ang ruta ng bus at impormasyon ng cohort ay makikita sa [Q ParentConnection](#) sa Sabado ng hapon, Agosto 13, sa ika-5 ng hapon.

Ang mga sumusunod na web page ay regular na ia-update upang mapanatili kayong may alam sa pinakabagong impormasyon:

[Transportation Hot Topic Page](#)

[Makikita sa Agosto 13: Hanapin ang inyong ruta at impormasyon ng cohort sa Parent Connect](#)

[Transpostation Rotation Bus Route Plan FAQs](#)

Patuloy kaming gumagawa ng mga solusyon at kasama diyan ang pakikipag-ugnayan sa aming mga kasosyo, kabilang ang opisina ng alkalde, na aming nakilala ngayong umaga, para sa karagdagang suporta sa krisis na ito. Nais kong magtanong sa komunidad at tumawag sa pagkilos para sa pampublikong serbisyo. Maaari ninyong suportahan ang krisis sa komunidad na ito sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Maging drayber ng bus. Kung ikaw o sinumang kakilala mo ay nais na sumali sa ating koponan ng drayber ng bus, mag-apply dito.
- Carpool. Maaring tumulong ang mga pamilya sa pamamagitan ng pag- carpool upang mabawasan ang pagsisikip sa pagpick-up at pagdrop-off ng estudyante.
- Magmaneho ng ligtas! Hindi ko sapat na bigyan-diin kung gaano kahalaga ang mag-ingat sa mga naglalakad; iwasan ang mga pangunahing kalsada kung saan matatagpuan ang mga paaralan sa mga oras ng pagdrop-off at pagpick-up kung maaari.

Ang mga bakanteng ito ay hindi natatangi sa Anchorage, ngunit ang mga bagay na ito ay isang bagay na kailangan nating harapin nang buong tapang. Ang Distrito ay nakatuon sa isang matagumpay na taon sa hinaharap at pinapanatili ang kaalaman sa komunidad habang tinutugunan natin ang mga hamon sa pagtatrabajo.

Best,

Jharrett Bryant, Ed. D.  
Superintendente  
Anchorage School District

(English Version)  
Dear ASD Families,

*First, I want to thank you for your patience. We understand this situation directly impacts you and your ability to plan.*

*Next Thursday is the first day of school and you need to know what we can share at this time. Please understand that as soon as I was informed of the potential severity, I wanted you to know*

*what I knew and I sent you a letter on August 3rd. It's vital that you have as much information as we can deliver.*

*Even though we continue to make progress retaining more and hiring new bus drivers, the situation isn't improving fast enough. This will require adjustments to transportation service district-wide. That will happen in tandem with continuing to recruit staff and working towards restoring the level of service that our families expect in their school system.*

*Our District faces a severe shortage of bus drivers. Staff recruitment and retention is a national and growing problem across school districts. ASD is thinking outside of the box to find short-term and intermediate solutions. The District has implemented aggressive recruitment strategies, and they are starting to pay off. However, with the start of school a week away, we need to plan for the reality of today.*

*At this time, the District is unable to provide full-time bussing for all eligible students. The most equitable solution is to implement a [Rotating Bus Route Plan](#). This will impact all general education students eligible for transportation services. This includes our JBER schools-this community is our highest priority to return to full service as soon as possible, given the disruptions and challenges they currently face with the Ursa Major Relocation Project. Special Education transportation will not be impacted at this time.*

*All general education routes will be divided into three cohorts and provided bussing on a planned rotation. Each student cohort will receive three consecutive weeks of transportation. This means there will be six weeks between bus service for each cohort of routes. Additionally, routes have been condensed for efficiency, therefore students will be walking farther to bus stops than in prior years.*

*Bus route and cohort information will be available to families on [Q ParentConnection](#) by Saturday afternoon, Aug. 13 at 5 p.m.*

*The following web pages will be regularly updated to keep you informed with the latest information:*

[Transportation Hot Topics Page](#)

[Available Aug. 13: Find your route and cohort information on Parent Connect](#)

[Transportation Rotation Bus Route Plan FAQs](#)

*We continue to work on solutions and that includes outreach to our partners including the mayor's office, who we met with this morning, for additional support through this crisis. I would like to make a community ask and a call to action for public service. You can support this community crisis in one of the following ways:*

- *Become a bus driver. If you or anyone you know would like to join our bus driver team, apply [here](#).*
- *Carpool. Families can assist by carpooling to reduce student pick-up and drop-off congestion.*
- *Drive safe! I cannot emphasize enough how important it will be to look out for walkers; avoid main roads where schools are located during drop-off and pick-up times if possible.*

*These vacancies are not unique to Anchorage but they are something we need to tackle boldly. The District is committed to a successful year ahead and keeping our community informed as we address staffing challenges.*